Komite ng Edukasyon sa Lungsod ng Nagoya

**Para sa mga Batang Mag-aaral na Pumapasok sa Panglungsod na Paaralan sa Nagoya**

# 「Silid−aralan Para sa Paunang Intensibong Pag−aaral ng Wikang Hapones」

- ○ Ito ay silid-aralan para sa panimulang saligan ng pag-aaral sa Wikang Hapones (pang-araw-araw ng pananalita/pag-uusap at iba pa).
- ○ Pag-aaralan din ang tungkol sa pamumuhay sa loob ng paaralan sa Bansang Hapon (pamamaraan sa pagkaklase at iba pa).
- ○ Mayroong 3 uri ng pag-aaral , indibidwal na pag-aaral sa silid-aralan, grupo na pag-aaral sa silid aralan ,online na pag-aaral (internet).
- ○ Ang indibidwal na pag-aaral ay sa umaga lamang .Sa hapon ay babalik sa pinapasukang paaralan upang mag-aral.
  Ang pag-aaral sa grupo ay maaaring mamili alinman sa umaga o hapon.Sumangguni lamang sa paaralan o sa Nihongo Kyouiku Soudan Center batay sa pinakamadaling transportasyon mula sa tinitirhang lugar at kalagayan ng panahon ng pagpapatala.
- ○ Libre o walang bayad sa matrikula ang klase sa pag-aaral sa Wikang Hapones. Ang mga mag-aaral na pumapasok sa elementarya na nagnanais ng pag-aaral sa silid aralan ay kinakailangang samahan ng mga magulang.
- ○ Para sa mga mag-aaral sa elementarya na hindi masasamahan ng mga magulang at mga mag-aaral sa Jr. Highschool na may kahirapang pumunta sa lugar ng pag-aaralan dahil sa kalayuan ng tirahan at iba pa ay mayroong online na pag-aaral (internet)

## <Indibidwal na Pag-aaral sa Silid Aralan>

| | | |
|---|---|---|
| **Lugar** | Silid aralan sa Toukai Shou Gakkou | Silid aralan sa Miyamae Shou Gakkou |
| **Paraan ng Pagpunta** | Subway o Chikatetsu 「Toukai doori」 500m hilagang-kanluran (NW) | Subway o Chikatetsu 「Kami Iida」 700m Silangan (E)<br>「Oozone」 1 500m hilagang-kanluran (NW) |
| **Araw at Oras ng Liksyon** | Lunes ～ Biyernes ９：００ ～１１：２０ ng umaga | |
| **Nilalaman Ng Pag-aaral** | Panimulang saligan ng pag-aaral sa Wikang Hapones (pang-araw-araw na pananalita/pag-uusap, simpleng pagbasa at pagsulat) pamumuhay sa loob ng paaralan sa Bansang Hapon (pamamaraan ng pagkaklase atbp) | |
| **At iba pa** | Pulong sa umaga at iba pa. | |

## <Grupo na Pag-aaral sa Silid Aralan>

| | |
|---|---|
| **Lugar** | Misono Kyoushitsu |
| **Paraan ng Pagpunta** | Subway o Chikatetsu 「Fushimi」 300m hilagang-kanluran (NW) |
| **Araw at Oras ng Liksyon** | Lunes ～ Biyernes Group ① ９：００ ～１１：００<br>Group ② １３：００～１５：３０ |
| **Nilalaman Ng Pag-aaral** | Panimulang saligan ng pag-aaral sa Wikang Hapones (pang-araw-araw na pananalita/pag-uusap, simpleng pagbasa at pagsulat) pamumuhay sa loob ng paaralan sa Bansang Hapon (pamamaraan ng pagkaklase atbp) |
| **At iba pa** | Ang Group ①,pagkatapos ng pag-aaral ay babalik sa pinapasukang paaralan ,kakain ng pananghalian at magkaklase sa hapon.<br>.Ang Group ② ,pagkatapos kumain ng pananghalian sa paaralan ay pupunta sa Misono Kyoushitsu para mag-aral at pagkatapos ay uuwi ng diretso sa mga kanilang tirahan. |

**<Online na Pag-aaral　　Grupo na Pag-aaral>**

| | |
|---|---|
| **Araw at Oras ng Liksyon** | Lunes ～ Biyernes<br>8：5０ ～ 10：30 o kaya 10:40～１２：２５ ng tanghali |
| **Nilalaman Ng Pag-aaral** | Panimulang saligan ng pag-aaral sa Wikang Hapones (pang-araw-araw na pananalita/pag-uusap, simpleng pagbasa at pagsulat) pamumuhay sa loob ng paaralan sa Bansang Hapon (pamamaraan ng pagkaklase at iba pa) |
| **At iba pa** | Gagamit ng tablet terminal para sa pag-aaral. |

◇◇◇◇ Ipinapakiusap na sumangguni sa guro ng paaralan ng inyong anak o sa

「Sentro ng Pagkonsulta o Pagsangguni ukol sa Edukasyon sa Wikang Hapones.」 ◇◇◇◇